ALAMEDA ALLIANCE FOR HEALTH

# KAPAKI-PAKINABANG NA IMPORMASYON PARA SA MGA MIYEMBRO TUNGKOL SA MGA APP SA PANGANGALAGANG PANGKALUSUGAN

Na-update noong: Oktubre 30, 2023

Salamat sa pagpili sa Alameda Alliance for Health (Alliance) bilang iyong planong pangkalusugan. Narito kami para tulungan kang manatiling malusog at aktibo. Bilang iyong kaagapay sa kalusugan, binuo ng team ng Alliance ang impormasyong ito dahil pinag-iisipan mong gumamit ng third-party app para makuha ang iyong data sa pangangalagang pangkalusugan.
Ang mga third-party application ay hindi pag-aari, pinapatakbo, o sinusubaybayan ng Alameda Alliance for Health ("Alliance").

May iba pang mahahalagang bagay na dapat mong isaalang-alang bago mo pahintulutan ang isang third-party app na kunin ang iyong data sa pangangalagang pangkalusugan.

Ginawa ang dokumentong ito para tulungan ka sa impormasyon at mga resource kaugnay ng iyong privacy at seguridad nang sa gayon ay makagawa ka ng may-kabatirang pasya sa pagpili ng app para sa iyong data sa pangangalagang pangkalusugan. Magbibigay ang dokumentong ito ng:

1. Pangkalahatang impormasyon sa mga hakbang na puwede mong gawin para maprotektahan ang privacy at seguridad ng iyong impormasyon sa kalusugan; at
2. Pangkalahatang-ideya ng Batas sa Portability at Pananagutan ng Insurance sa Kalusugan (Health Insurance Portability and Accountability Act, "HIPAA"), at kung paano ka makakapaghain ng reklamo kung sa palagay mo ay nalabag o ginamit sa hindi naaangkop na paraan ang iyong data.

**1. Pangkalahatang Impormasyon**

Mahalagang maging aktibo ka sa pagprotekta ng iyong impormasyon sa kalusugan. Kung alam mo ang dapat hanapin sa pagpili ng app, makakagawa ka ng mga mas may-kabatirang pasya. Sa paghahanap ng app sa pangangalagang pangkalusugan na makakatulong sa iyong data, maghanap ng patakaran sa privacy na madaling basahin, na malinaw na nagpapaliwanag sa kung paano gagamitin ng app ang iyong data. Kung walang patakaran sa privacy ang isang app, posibleng hindi magandang ideya na gamitin ang nasabing app.

**PAKITANDAAN: Posibleng hindi pag-aari, pinapatakbo, o sinusubaybayan ng Alliance ang mga third-party app sa pangangalagang pangkalusugan.**

**Narito ang ilan pang mahahalagang tanong na dapat pag-isipan sa paggamit ng isang app sa pangangalagang pangkalusugan:**

- Sertipikado ba ng anumang pampangasiwaang ahensya ang app?
- Anong data sa kalusugan ang kokolektahin ng app na ito?

- Mangongolekta ba ang app na ito ng anumang data na walang kaugnayan sa kalusugan mula sa aking device, gaya ng lokasyon ko?
- Paano gagamitin ng app na ito ang aking data?
    - Ihahayag ba ng app na ito ang aking data sa iba pang third party?
    - Ibebenta ba ng app na ito ang aking data para sa anumang dahilan, gaya ng pag-advertise o pananaliksik?
- Ibabahagi ba ng app na ito ang aking data para sa anumang dahilan? Kung oo, kanino? Para sa anong layunin?
- Paano ko malilimitahan ang paggamit at paghahayag ng app na ito sa aking data?
- Anong mga pag-iingat sa seguridad ang ginagawa ng app na ito para maprotektahan ang aking data?
- Ano ang magiging epekto ng pagbabahagi ko ng aking data sa app na ito sa ibang tao, gaya ng aking mga kapamilya?
- Paano ipinapabatid ng app na ito sa mga user ang mga pagbabagong posibleng makaapekto sa mga kasanayan nito sa privacy?
- Paano ko maa-access ang aking data at maiwawasto ang mga maling impormasyon sa data na makukuha ng app na ito?
- Mayroon bang proseso ang app na ito para sa pangongolekta ng at pagsagot sa mga reklamo ng user?
- Kung ayaw ko nang gamitin ang app na ito, o kung ayaw ko nang magkaroon ang app na ito ng access sa aking impormasyon sa kalusugan, paano ko maaalisan ang app ng access sa aking data?
    - Ano ang patakaran ng app sa pag-delete ng aking data kapag inalisan ko na ito ng access?
    - May iba pa ba akong dapat gawin maliban sa pag-delete sa app sa aking device?

Kung hindi malinaw na sinasagot ng patakaran sa privacy ng app ang mga tanong na ito o kung walang patakaran sa privacy, dapat mong pag-isipan nang mabuti kung dapat mo bang gamitin ang app sa pag-access ng iyong impormasyon sa kalusugan. Napakasensitibo ng impormasyon sa kalusugan, dapat kang mag-ingat at dapat mong piliin ang mga app na may mahihigpit na pamantayan sa privacy at seguridad para maprotektahan ang nasabing impormasyon.

Para sa higit pang impormasyon tungkol sa kung paano posibleng gamitin o ibahagi ng Alliance ang iyong impormasyon sa kalusugan, sumangguni sa Abiso ng Mga Kasanayan sa Privacy ng Alliance.

**Puwede ko bang bawiin ang access ng third-party application sa aking impormasyon sa kalusugan?**

Kapag nakapagbigay ka na ng access, magkakaroon ang third-party application ng access sa iyong impormasyon sa kalusugan sa loob ng isang taon. Puwede mong bawiin ang access sa third-party application anumang oras.

- Para bawiin ang access, bumisita sa: **https://us120.fhir.edifecsfedcloud.com/aha_auth/permissions**

**2. Ano ang mga karapatan ng miyembro sa ilalim ng Batas sa Portability at Pananagutan ng Insurance sa Kalusugan (HIPAA) at sino ang dapat sumunod sa HIPAA?**

Ang Tanggapan para sa Mga Karapatang Sibil (Office for Civil Rights, OCR) ng Departamento ng Mga Serbisyong Pangkalusugan at Pantao (Department of Health and Human Services, HHS) ng U.S. ang nagpapatupad sa Mga Panuntunan ng HIPAA sa Privacy, Seguridad, at Paglabag, na nagtatakda sa mga panuntunan para sa mga entity sa pangangalagang pangkalusugan para maprotektahan ang data sa pangangalagang pangkalusugan. Ipinapatupad rin ng OCR ng HHS ang Batas at Panuntunan sa Kaligtasan ng Pasyente, na nagtatakda ngboluntaryong sistema ng pag-uulat para maprotektahan at mapahusay ang available na data nang sa gayon ay matasa at malutas ang mga isyu sa kaligtasan ng pasyente at kalidad ng pangangalagang pangkalusugan. Nagbibigay rin ang Batas at Panuntunan sa Kaligtasan ng Pasyente ng mga proteksyon sa pagiging kumpidensyal para sa mga alalahanin sa kaligtasan ng pasyente.

Makakakita ka ng higit pang impormasyon tungkol sa mga karapatan ng miyembro sa ilalim ng HIPAA at sa kung sino ang may obligasyong sumunod sa HIPAA dito:

- **www.hhs.gov/hipaa/for-individuals/guidance-materials-for-consumers/index.html**
- Mga FAQ Tungkol sa HIPAA para sa Mga Indibidwal: **www.hhs.gov/hipaa/for-individuals/faq/index.html**

**Sinasaklaw ba ng HIPAA ang mga third-party app?**

Hindi sinasaklaw ng HIPAA ang karamihan ng mga third-party app, ibig sabihin, hindi nila kailangang sundin ang mga panuntunan ng HIPAA. Sa halip, napapailalim ang mga ito sa hurisdiksyon ng Komisyon ng Pederal sa Pakikipagkalakalan (Federal Trade Commission, FTC) at sa mga proteksyong ibinibigay ng Batas ng FTC. Nagbibigay ang Batas ng FTC ng proteksyon, bukod sa iba pang bagay, mula sa mga mapanlokong gawain (hal., kung nagbabahagi ang isang app ng personl na data nang walang pahintulot, sa kabila ng pagkakaroon ng patakaran sa privacy na nagsasabing hindi nito iyon gagawin).

Para matuto pa tungkol sa kung paano nagbibigay ang FTC ng impormasyon tungkol sa privacy at seguridad ng mobile app para sa mga consumer, bumisita sa **www.consumer.ftc.gov/articles/0018-understanding-mobile-apps**.

**Ano ang puwede mong gawin kung sa palagay mo ay may naging paglabag sa iyong data o nagamit ito ng app sa hindi naaangkop na paraan?**

Puwede kang maghain ng reklamo sa OCR, FTC, o sa Alliance, kung sa palagay mo ay posibleng nalabag ang iyong data o kung may app na gumamit sa iyong data sa hindi naaangkop na paraan.

**Para maghain ng reklamo:**

Mag-ulat ng paglabag sa data sa pangangalagang pangkalusugan: **www.hhs.gov/hipaa/filing-a-complaint/index.html**

Mag-ulat ng panloloko, pag-aaksaya, pang-aabuso, maling pamamahala:
**https://reportfraud.ftc.gov/#/assistant**

Maghain ng reklamo sa Alliance: **Privacy@alamedaalliance.org**

---

ALAMEDA Alliance FOR HEALTH

**Gusto mo ba ng higit pang suporta?** Mangyaring tumawag sa Departamento ng Mga Serbisyo sa Miyembro ng Alliance Lunes – Biyernes, 8 am – 5 pm
Numero ng Telepono: **1.510.747.4567 •** Toll-Free: **1.877.932.2738**
Mga taong may mga problema sa pandinig at pagsasalita (CRS/TTY): **711/1.800.735.2929**